COAPRE

# Hindi ka na nag-iisa, kasama mo ang occupational rehabilitation

Naririto kami hanggang sa makabalik ka sa trabaho



## Ano ang occupational rehabilitation?

Sa pamamagitan ng assessment at mga pasilidad na makakabuti sa iyong trabaho, makakatulong ang occupational rehabilitation na pabilisin ang pagrecover ng manggagawang naaksidente upang makabalik sa trabaho sa lalong madaling panahon

## 5 Benepisyo ng Occupational Rehabilitation



- **Pabilisin ang pagpapagaling ng katawan**
- **Iwasan na muling masugatan**
- **Mabawi ang dating kakayahan sa trabaho**
- **Mas kayang mabuhay nang mag-isa**
- **Magkaroon ng mas magandang job opportunities sa kinabukasan**

## Naunawaan namin ang iyong mga pangangailangan:

- **May pagsasalin sa iba't ibang wika (Vietnamese, Indonesian, Thai, Filipino)**
- **Konsultasyon at ebalwasyon tungkol sa nangyaring aksidente sa trabaho**
- **Magbigay ng kagamitan na makakatulong sa manggagawa sa trabaho**
- **Tulong mula sa therapist**
- **Aalalayan ka sa buong proseso**

## Occupational rehabilitation allowance

Habang tumatanggap ng pagpapagamot sa occupational rehabilitation, maaaring mag-apply ng allowance mula sa awtoridad ng munisipyo o county/lungsod (Para sa transportation allowance, mag-apply sa labor bureau sa iyong lugar) .

## Dokumentong kailangan i-submit sa pag-apply ng allowance

- **Application form**
- **Katibayan mula sa ospital o rehabilitation center ng pagtatapos ng occupational rehabilitation therapy**
- **Kopya ng passbook cover ng bangko mo sa Taiwan**
- **Iba pang mga dokumento na hinihingi ng lokal na awtoridad**

### Standard sa pagkalkula ng allowance：

Batay sa bilang ng araw ng rehabilitation therapy na nakasaad sa katunayan, ang pagkalkula ng daily allowance ay batay sa 60% ng buwanang sahod na ni-report ng iyong amo sa labor insurance divided by 30 araw. Ang maximum na bilang ng araw na covered ng allowance ay 180 araw.

## Q & A



**Q1** Kung nakakatanggap na ako ng accident-related benefits mula sa Bureau of Labor Insurance, maaari pa ba akong mag-apply ng occupational rehabilitation allowance?

**A1** Oo! Maaaring sabay na kunin ang accident-related benefits mula sa Bureau of Labor Insurance at occupational rehabilitation allowance.

**Q2** Nakabalik na ako ng trabaho, puwede pa bang mag-apply ng occupational rehabilitation allowance?

**A2** Ang mga qualified na manggagawa ay maaari pa ring mag-apply ng occupational rehabilitation allowance mula sa lokal na pamahalaan kahit na nakabalik na sa trabaho, hangga't may occupational rehabilitation therapy!

參考資料：勞動部職業安全衛生署

廣告